
	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2020-0022
	Title	<b><u>Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package</u></b>


Tanong	Sagot
<b>A. Karaniwang tanong ng mga miyembro/publiko</b>	
Ano ang PhilHealth Konsulta?	Ang PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama o mas kilala na PhilHealth Konsulta ay ang pinalawak na primary care benefit ng PhilHealth.
Sinu-sino ang maaaring makagamit ng PhilHealth Konsulta?	Ang PhilHealth Konsulta ay maaaring magamit ng lahat ng Filipino. Kinakailangan lamang na sila ay naka-rehistro sa isang Konsulta facility na kanilang pinili na accredited ng PhilHealth.
Paano ako makakapagparehistro sa isang Konsulta facility o pasilidad na nagbibigay ng PhilHealth Konsulta Package?	Ang pagpaparehistro ay kinakailangang gawin online at matapos ay makatatanggap ng confirmation mula sa PhilHealth. Maaari itong gawin sa inyong bahay (self-registration) o magtungo sa pinakamalapit na PhilHealth Local Health Insurance Office o ibang ahensya na binigyan ng permiso ng PhilHealth na magsagawa ng assisted registration. Sundin lamang ang proseso na matatagpuan sa Annex A ng Circular na ito.
Paano kung hindi pa ako reshistrado sa PhilHealth, ano ang nararapat kong gawin?	Para sa mga hindi pa reshistrado, kinakailangan lamang na magpatala at magsumite ng PhilHealth Member Registration Form (PMRF) sa pinakamalapit na PhilHealth Local Health Insurance Office para mabigyan ng PhilHealth Identification Number (PIN).
Bakit kinakailangan kong magparehistro muli sa Konsulta facility?	Ang pagpaparehistro sa isang Konsulta facility ay alinsunod sa itinakda ng Universal Health Care (UHC) Law. Ito ang paraan ng gobyerno upang masiguro na ang bawat Filipino ay mayroong doktor na tutugon sa pangagailangang pangkalusugan; at magkaroon ng continuity of care sa pamamagitan ng referral na manggagaling sa Konsulta facility.
Ano-anong serbisyo ang makukuha ko sa PhilHealth Konsulta?	Ang mga serbisyong makukuha dito ay ang mga sumusunod: check-up, health screening and assessment, laboratory at gamot ayon sa health risks, edad at pangangailangan ng pasyente.
Saang pasilidad ko maaaring gamitin ang PhilHealth Konsulta?	Ito ay magagamit sa alinmang pampubliko o pribadong pasilidad na accredited ng PhilHealth bilang Konsulta facility.



	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2020-0022
	Title	<b><u>Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package</u></b>

Saan ako maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon sa benepisyong ito?	<p>Maaari kayong tumawag sa PhilHealth’s 24/7 Corporate Action Center Hotline (02) 8441-7442 o sa aming Facebook (facebook.com/PhilHealth, Twitter (@teamphilhealth) at website (<a href="http://www.philhealth.gov.ph">www.philhealth.gov.ph</a>).</p> <p>Maaari rin kayo magpadala ng mga katanungan sa aming email <a href="mailto:actioncenter@philhealth.gov.ph">actioncenter@philhealth.gov.ph</a>. Kung wala kayo access sa mga social media accounts na nabanggit, maaari kayong bumisita sa pinakamalapit na Local Health Insurance Office sa inyong lugar para sa karagdagang impormasyon.</p>
Maaari ba akong kumuha ng serbisyo sa isang Konsulta facility kung saan hindi ako nakarehistro?	Oo. Ngunit ang mga serbisyo na ibibigay sa iyo ay kailangan mong bayaran. Upang maiwasan ito, kinakailangan na ikaw ay magpupunta lamang sa isang Konsulta facility kung saan ka nakarehistro.
Ano ang ATC at saan ito ginagamit?	Ang Authorization Transaction Code o ATC ay isang code na maihalalintulad sa One Time Pin (OTP) na kailangang ibigay sa Konsulta facility sa bawat pagbisita dito.
Paano magkakaroon ng ATC? Paano kung wala akong nakuhang ATC, maaari pa ba ako makagamit ng aking benepisyo?	<p>Ang ATC ay maaaring makuha sa alinman sa mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pag-access sa Member Inquiry na matatagpuan sa PhilHealth website;</li> <li>2. Pagtawag sa PhilHealth Call Center sa numerong 8441-7442;</li> <li>3. Paglapit sa PCARES na nakatalaga sa isang ospital; at</li> <li>4. Pagbisita sa pinakamalapit na PhilHealth Local Health Insurance Office (LHIO).</li> </ol> <p>Kung walang paraan na ikaw ay makakuha ng ATC, maaari ka ng magtungo sa iyong Konsulta facility at kinakailangang magpakuha ka ng litrato dito.</p>



	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2020-0022
	Title	<b><u>Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package</u></b>

<b>B. Karaniwang tanong ng mga Health Care Provider</b>	
Anu-ano ang mga kailangang isumite sa PhilHealth upang maging accredited na Konsulta facility?	Para sa listahan ng mga kinakailangang dokumento, basahin ang PhilHealth Circular No. 2020-2021.
Magkano ang babayaran ng PhilHealth para sa mga sebisyon maibibigay sa PhilHealth Konsulta?	<p>Para sa mga pampublikong pasilidad, ang babayaran ng PhilHealth ay Php500.00 kada tao.</p> <p>Para sa mga pribadong pasilidad, ang babayaran ng PhilHealth ay Php750.00 kada tao at pinapayagan ng PhilHealth na sila ay maningil ng karagdagan bayad (co-payment) na hindi lalagpas sa Php500.00 kada taon sa bawat taong naka-rehistro sa kanila.</p>
Paano ang pagsusumite ng mga ulat o report sa PhilHealth?	<p>Ang pagsusumite ng mga report sa PhilHealth ay kinakailangang electronic. Ang bawat pasilidad ay bibigyan ng interim system na tinatawag na eKonsulta.</p> <p>Sa bawat pasyente na pupunta sa isang Konsulta facility, ang mga resulta ng consultation, laboratory at naibigay na medisina ay kailangan i-encode sa eKonsulta.</p>
Anu-ano ang basehan ng pagbabayad ng PhilHealth?	<p>Ang pagbabayad ng PhilHealth sa Konsulta ay dalawang tranches. Para sa paunang tranche, ito ay 40% ng Php500.00 (pampubliko) at Php750.00 (pribado). Kinakailangan na ang pasyente ay naka-rehistro sa isang Konsulta facility at nagkaroon ng first patient encounter.</p> <p>Para sa natitirang 60%, may mga itinakdang performance indicators. Kung ang lahat ng ito ay maipapasa, matatanggap ng Konsulta facility ang kabuuang Php300.00 (pampubliko) at Php450.00 (pribado).</p>





## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2020-0022
Title	<u>Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package</u>

